



The Department of the Interior and Local Government
confers this
SEAL OF GOOD HOUSEKEEPING
to the Province of Camarines Norte for CY 2011
in recognition of its efforts in advancing the principles of accountability and transparency in local governance.
JESSE M. ROBREDO
Secretary


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO, 2013

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"

Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


## Nasa Loob


Farm to Market Roads sa Camarines Norte hiniling na pondohan p2
Proyektong Cory Aquino Boulevard suportado ng RDC p2
Bagong scholars pinulong p3
Local Governance Transition Team, binuo p3
Inaugural Address of Hon. Edgardo A. Tallado p4
Mga piling larawan p5
SPED schools binigyan ng computers, atbp. p6
Parada, iba pa, tampok sa selebrasyon dito ng ika-115 Araw ng Kalayaan p6
SP Sec. Cuaño nahalal sa PLEASES p6
P 17M Agricultural Dev't. Program sa Sta. Elena aprubado na p7
2013 Aral-Kalikasan Program Poster-Making Contest idinaos p7
Pagpapanumbalik ng sea cucumber (balatan) isinusulong! p7
Usec Villanueva pinuri p8
Isinagawa turn-over ng proyektong PAMANA p8





Mula sa kaliwa: Gng. Josie B. Tallado; Kgg. Pangulong Benigno Aquino III, Gob. Edgardo A. Tallado at Alvin Tallado

# Pagiging 1st Class Province ng Camarines Norte, isinusulong

Ang gawing primera klaseng probinsya ang Camarines Norte ang prayoridad ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado para sa *CY 2013-2016* batay sa kanyang Executive Agenda na inilahad niya sa mamamayan ng Camarines Norte noong ika-28 ng Hunyo, 2013, sa Camarines Norte Agro Sports Center sa Oath Taking Ceremony ng mga bagong halal na opisyal ng lalawigan

Bago ang paglalahad ng *Executive Agenda* ay nag-ulat muna si Gob. Tallado ng kanyang mga *accomplishments* sa nakalipas na tatlong taon at sinabing ang kanyang tinahak na direksyon ay tungo sa katuparan ng kanyang *flagship programs* upang maging *first class province* ng Camarines Norte. Patuloy niya itong isusulong lalo pa't malapit na itong makamit matapos na ang Camarines Norte ay maitala na sa ngayon ay may pinakamababang bilang ng mahihirap sa buong rehiyong bikol. Mula sa dati ay isa sa 10 pinakamahihirap na lalawigan, ika-52 sa 82 probinsiya na may mababang antas ng kahirapan ayon sa datos ng National Statistical Coordination Board.

Nakapaloob sa apat na aspeto ang kanyang mga gawain sa panibago niyang termino.

Una, *Infrastructure Development*-pangarap niya na ang lahat ng kalsada sa lalawigan ay makonkreto. Inisa-isa niya ang mga *farm to market roads* na pinagsusumikapan na niyang hanapan ng pondo; inilahad ang mga kalsadang isasagawa na may kaakibat ng pondo; rehabilistasyon ng Jose Panganiban Port; elektripikasyon ng mga sitio at purok at iba pang imprastruktura.

Ikalawa, *Providing for Basic Needs* o aspetong *Social Governance:* unang-unang pagsisikapan ng administrasyon ni Gob. Tallado na mabawasan ang mga problemang

(Sundan sa pahina 6)

# BAGONG OPISYALES NANUMPA SA TUNGKULIN

Sa pagharap ko sa panibagong mandatong ito na ipinagkaloob ninyo sa akin, nag-uumapaw sa aking puso ang kasiyahan na muli kayong paglingkuran, ito ay bahagi ng pasinayang pananalita ni Gob. Edgardo A. Tallado noong ika-28 ng Hunyo, 2013, sa Camarines Norte Agro Sports Center sa *Oath Taking Ceremony* ng mga bagong halal na opisyal ng lalawigan.

Ang pagtatalaga sa tungkulin ay sinimulan ng ika-3 n.h. sa isang Misang Pasasalamat na

(Sundan sa pahina 3)



Hon. Erwin L. Lausin, Hon. Arthur G. Canlas, Hon. Reynoir V. Quibral , Hon. Teresita DL. Malubay, Hon. Pamela P. Pujalte, Hon. Vice Gov. Jonah G. Pimentel, Hon. Gov. Edgardo A. Tallado, Hon. Romeo R. Marmol, Hon. Rodolfo DV. Gache, Hon. Senen A. Jerez, Hon. Renee F. Herrera at Hon. Gerardo G. Quiñones

# FARM TO MARKET ROADS SA CAMARINES NORTE HINILING NA PONDOHAN

Umaabot sa 139.480 kilometro kalsada sa 12 bayan ng Camarines Norte na nangangailangan ng PhP 1.6 bilyon upang maisaayos ang isinumite ni Gobernador Edgardo A. Tallado sa *Regional Development Council (RDC)*, *Region V* nakaraang pagpupulong nito.

Agad namang pinagtibay ng *RDC* ang isang resolusyon kung saan iniindorso ang nasabing panukalang proyekto ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa *Department of Agriculture (DA)* upang mapondohan. Nasasaad sa resolusyon na ang proyektong *"upgrading* at *opening of new roads"* sa Camarines Norte ay makatutulong para maisakatuparan ang *10 Point Agenda on inclusive growth, poverty reduction and infrastructure development* ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III. Umaayon din ito sa *Philippine* at *Bicol Regional Development Plan* para sa 2011-2016.

Batay sa panukala, 40 kalsada ang aayusin upang magkaroon ng tuluy-tuloy at maayos na daanan o daluyan mula sa pinagmumulan ng mga produktong agrikultura atbp. hanggang sa makarating sa mga lugar ng kalakalan. May habang 93.101 kilometro ang isasaayos na mga dati ng kalsada at 46.379 kilometro ang mga bagong bubuksang kalsada.

Sa okasyon ng panunumpa ng mga bagong halal na opisyales ng Camarines Norte na idinaos noong ika- 28 ng Hunyo 2013 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center,* binanggit ni Gob. Tallado sa kanyang *inaugural message* ang ilang *major roads* na ipinanukala niya gaya ng:

- *Road Opening* ng San Jose, Jose Panganiban to Alayao, Capalonga
- *Upgrading* ng Mampili, Basud to Mambalite Daet
- *Road Opening* ng Kabatuhan-Malaya, Labo
- *Upgrading* ng Catandunganon, Mercedes to Hinampacan, Basud
- *Upgrading* ng San Jose, San Vicente to Mampurog, San Lorenzo Ruiz
- *Upgrading* ng Del Carmen, Talisay to Calangcawan Sur, Vinzons
- *Upgrading* ng Tabas-Labnig, Paracale
- *Upgrading* ng Villa Aurora, Capalonga-Bulala, Sta. Elena

Ayon kay Gob. Tallado, masigasig niyang susubaybayan ang kanyang isinumiteng panukala upang tiyakin na mapondohan ang mga prayoridad na proyekto.

Samantala, ang *RDC* ay isang konseho sa bawat rehiyon na binubuo ng mga punong lalawigan, *regional directors*, punong bayan ng mga siyudad at *capital town* ng probinsiya; pangulo ng *provincial league of governor*, at *private sector representative*. Ilan sa mahalagang gawain nito ay ang pagbuo ng *regional development plan* at pagsuri sa mga pangunahing proyektong iiendorso sa pamahalaang nasyonal para mapondohan at maisagawa. **jing@calimlim**



# PROYEKTONG CORY AQUINO BOULEVARD SUPORTADO NG RDC

Inindorso kamakailan ng *Regional Development Council (RDC), Region V* na mapondohan sa ilalim ng *Convergence Program* ng *Department of Tourism (DOT) - Department of Public Works and Highways (DPWH)* ang mga proyektong pang-imprastraktura na hiniling ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na malagyan ng pondo upang maisakatuparan lalo na ang *on-going construction* ng *President Cory Aquino Boulevard* sa Brgy. Bagasbas, Daet, Camarines Norte.

Isinumite sa *RDC 5* ni Punong lalawigan Edgardo A. Tallado ang nasabing kahilingan na tinalakay ng *RDC* sa *full council meeting* nito noong ika-7 ng Hunyo, 2013 sa *NEDA Regional Office, Legazpi City*.

Ito ang mga proyektong panturismo sa Camarines Norte na inindorso ng *RDC 5* na mapondohan sa ilalim ng *DOT - DPWH Convergence Program*:

1. *Rehabilitation/Improvement of 5 road sections along Pres.* Cory Aquino *Boulevard*: Mantigbi *section*; Sabang *section*; Fundado, Labo - Aguit-it, Vinzons *section*; Labnig *section* at San Jose (Talisay) *section*.
2. *Construction of Bridges along Pres.* Cory Aquino *Boulevard: Bridge No. 1* (Mercedes *section*); *Bridge No. 2* ( Talisay *section*); *Bridge No. 3* (Vinzons *section*) at *Bridge No. 4* (Paracale *section*)
3. *Rehabilitation/Improvement of* Daet-San Vicente *Road – upgrading of gravel to concrete road to* Mananap *Falls*
4. *Rehabilitation/Improvement of* Mercedes -Basud *Road*
5. Angas-Tabatataba – Cayucyucan *Beach*
   - Taba-Taba – Cayucyucan *Beach*
   - Manguisoc – Gaboc - Cayucyucan *Beach*
5. *Rehabilitation/Improvement* Daet-San Lorenzo *Road*
   - ▪Dogongan, Daet-Daculang Bolo
   - Daculang Bolo

Magugunitang binanggit ni Gob. Tallado ang mga planong proyektong ito sa kanyang *inaugural message* noong ika-28 ng Hunyo 2013 sa Camarines Norte *Agro-Sports Center* sa okasyon ng panunumpa ng mga bagong halal na opisyales ng Camarines. Iniulat din niya na malapit nang matapos ang kalsada mula Bagasbas hanggang sa Mercedes *section* ng Cory Aquino *Boulevard* at *on-going* din ang *construction* ng kalsada mula Bagasbas hanggang San Jose, Talisay. **jing@calimlim**

# Turn over ng PAMANA...

*(Mula sa pahina 8)*

na pamamahala para makuha ang positibong pagtugon ng komunidad; at ang maitaguyod ang kapayapaan sa pamamagitan ng iba't-ibang gawain na kailangan ang partisipasyon ng komunidad.

Sa mensahe ni Gobernador Tallado, binigyang-diin niya na determinado at pursigido ang kanyang administrasyon na mapalaya ang lalawigan ng Camarines Norte mula sa gapos ng kahirapan, kamangmangan at kawalang pag-asa. Aniya, hindi ganap ang kalayaan kung walang tunay na kapayapaan saanmang lugar kaya't sa susunod na tatlong taon ay patuloy niyang sisikapin na makapagsagawa ng mas marami pang programa at proyekto para sa bayan.

Idinagdag ng gobernador na isusulong din niya ang programa para mahubog ang ugali at asal ng mga opisyal at kawani ng pamahalaan para maging mas masigasig at mas disiplinadong mga lingkodbayan na siyang makakasama niya sa paghahatid nang mas matino at mas epektibong serbisyo. Pangungunahan din niya ang matuwid na pamamalakad tungo sa mas maunlad, mapayapa at matiwasay na lalawigan ng Camarines Norte.



*Si Gob. Tallado at Ms. Ma. Aileen Jose, PAMANA Director sa Ceremonial turn-over ng limang PAMANA completed project with total cost of P140M habang nakamasid si DILG RD Blandino Maceda, PB Leonardo Baning ng Exciban at iba pa.*

Ayon naman sa mensahe ni *DILG Regional Director* Blandino Maceda, ang kailangan umano para maging maunlad ang isang pamayanan ay isang pinuno na mahusay at malinis ang paglilingkod, epektibong naisasagawa ang mga pangkaunlarang programa at proyekto at isinusulong ang mga inisyatibong pang kapayapaan.

Samantala, pagkatapos ng naturang *ceremonial turn-over sa Kapitolyo* ay dumiretso ang grupo nina Gob. Tallado, PAMANA *Director* Jose at *DILG RD* Maceda sa Barangay Malibago, Labo sa pasinaya ng Malibago-Malaya *FMR*. Nakatulong din ni Gob. Tallado sina PAMANA *Director* Jose at *DILG RD* Maceda sa pag-*turn-over* ng naturang proyekto sa Barangay Council ng Brgy. Malibago.

Inaasahan naman na sa lalong madaling panahon ay maisasagawa na rin ang iba pang PAMANA *Projects* na nakalinya noon pang taong 2012. ***MARILYN PACINOS-ASIS***

# Bagong scholars pinulong

Isinagawa ng *Community Affairs Office (CAO)* noong ika-5 ng Hunyo sa *Little Theater, Provincial Capitol* ang *Orientation Meeting* ng mga bagong iskolar ng pamahalaang panlalawigan upang maunawaan nila ang mga panuntunan at kanilang mga obligasyon bilang iskolar ng gobyerno.

Ipinabatid sa kanila na 500 mag-aaral ang mabibigyan ng libreng edukasyon sa kolehiyo na tatanggap ng halagang P5,000.00 kada semestre para sa kanilang matrikula. Mula sa 500 ay 300 lamang ang magiging iskolar o *grantees* sa ilalim ng *Provincial Government College Education Assistance Program (PGCEAP)* na sa loob ng apat o limang taon depende sa kurso ay bibigyan ng bayad sa matrikula. Kailangan lamang na kanilang mapanatili ang kanilang *general weighted average* na *85%* upang maging patuloy na iskolar hanggang makapagtapos.

Mayroong 300 ang bakanteng *slots* sa ilalim ng *PGCEAP* kung kaya ang mga nakapasang aplikante na *rank* 1-300 batay sa pinagsasamang grado nila sa dalawang magkahiwalay na eksaminasyon at kanilang *general weighted average* ang mga bagong *regular scholars* ng *PGCEAP*. Kasama sa 300 *slots* ay ang mga *automatic scholars* tulad ng mga *valedictorians* at *salutatorians* ng mga *secondary schools* sa Camarines Norte.

Samantala ang 200 mag-aaral pang napili ay napabilang sa *Augmentation Fund for College Students*. Sila ang mga aplikante sa *PGCEAP* na nag-rank 301 *rank* 500 sa eksaminasyon. Maswerteng napabilang sila dahil sa nasabing *augmentation fund* sapagkat kung walang nakuhang karagdagang pondo ay wala silang aasahang tulong pangmatrikula sa loob ng isang taon.

Ang pondo para dito ay P 5 milyon na pinagtulungang hingin ni Gob. Edgardo A. Tallado at dating *Congresswoman* Liwayway Vinzons Chato mula kay Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III. Batay sa *Special Allotment Release Order (SARO)* mula sa *Department of Budget and Management (DBM)*, ang P5 milyon ay dapat gastusin sa buong taon ng 2013 o katumbas na bayad sa 2 semestreng matrikula para sa 500 mag-aaral.

May hiwalay pang pang 300 mag-aaral na napabilang sa *Augmentation Fund na* pinili susog sa pamantayan nito tulad ng kung ang mag-aaral ay *graduating student* na ngunit hindi na mag-aaral dahil nawalan ng hanapbuhay ang magulang o biglang naulila, at iba pang kalintulad na sitwasyon.

Damang-dama ang sigla ng mga mag-aaral sa kanilang pagdalo sa *orientation meeting* dahil sa sila ay mga iskolar ng bayan. Lalo pa silang natuwa sa pagdating ni Gob. Tallado na nagkwento ng kanyang pinagdaanan bilang isang mahirap na mag-aaral ngunit nalagpasan niya ito.

Sinabi ni Gob. Tallado na: "Kung nakaya ko ito, makakaya ninyo rin. Naging *commitment* ko sa Panginoon at sa sarili ko na pag naging maganda ang aking buhay ako ay magpapaaral ng mga kapus-palad. Simula 1995, marami na akong napag-aral bago pa ako naging gobernador at dahil diyan kaya ako unti-unting nakilala."

Hinikayat din ng gobernador ang mga iskolar na pagbutihin ang pag-aaral at magsilbing pag-asa ng kanilang pamilya. Sinabi pa niya na sisikapin niyang madagdagan pang muli ang pondo ng *scholarship program* sa susunod na taon upang mas marami pa ang pamilyang matulungan. ***JAC***




Matamang nakikinig ang mga bagong iskolars ng pamahalang panlalawigan sa mga payo ni Gob. Edgardo A. Tallado upang makamit nila ang kanilang pangarap na makatapos ng pag-aaral



# LOCAL GOVERNANCE TRANSITION TEAM, BINUO

*Local Governance Transition Team* binuo para matiyak ang maayos na pagsasalin ng tungkulin sa 2013-2016 na pamunuan ng pamahalaang panlalawigan sa bisa ng *Executive Order No. 2013-16* na ipinalabas kamakailan ni Gob. Edgardo A. Tallado para masiguro rin ang walang patid na paghahatid ng serbisyo-publiko.

Bagama't walang literal na pagsasalin ng tungkulin sa mga bagong opisyal sapagkat kapwa *'re-elected'* sina Gob. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel at 5 miyembro ng Sangguniang Panlalawigan (SP), tumalima pa rin si Gob. Tallado sa *Memorandum Circular No. 2013-33* na ipinalabas ni Kalihim Mar A. Roxas ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*.

Ang *Transition Team* ay pamumunuan ni Gob. Tallado bilang *chairperson* kasama si *Provincial Accountant* Myrna V. Sendon *bilang vice chairperson*. Kabilang sa mga miyembro nito ang lahat na *department heads* ng pamahalaang panlalawigan gayundin sina *DILG Provincial Director* Edwin F. Garcia, Ms. Delia Eco, *SA IV*, *Commission On Audit (COA) Provincial Office*, at G. Benigno Elevado ng *Kiwanis Club of* Daet bilang kinatawan ng pribadong sektor.

Nagpulong na ang naturang grupo at kaagad ay sinimulan na ang imbentaryo ng lahat ng ari-ariang di-natitinag ng pamahalaang panlalawigan gaya ng lupain, mga gusali, imprastraktura, *machineries*, at *facilities* at *improvements* pati mga ari-ariang natitinag gaya ng mga sasakyan, *office equipment*, *furnitures*, *fixtures* at *supply stocks*.

Kasama sa mga mahahalagang dokumento na inihanda upang susugan sa pagpaplano ng bagong pamunuan ng mga opisyales ng pamahalaang panlalawigan ay ang *2013 Annual Investment Plan (AIP)* pati na ang iba pang mga *'development plans'* tulad ng *Comprehensive Development Plan (CDP)*; *Comprehensive Land Use Plan (CLUP)* o *Physical Framework Plan (PFP)*; *Local Capability Development Agenda (LCDA)*; at ang *Organizational Structure* ng Pamahalaang Panlalawigan kalakip ang *Inventory of Personnel by*

***(Sundan sa pahina 4)***

# BAGONG OPISYALES ...

***(Mula sa pahina 1)***

ang nagsilbing Punong Tagapagdiwang ay si *Rev. Msgr.* Cezar Echano Jr., Kura Paroko ng *St. John the Baptist Parish*. Nakasama niya rito sina Rev. Fr. Philip R. Ibasco ng *Parish of the Divine Mercy*; *Rev. Fr.* Fidel Era; *Rev. Fr.* Jose Julian;

Si Punong Hukom Roberto A. Escaro, Sangay 38 ng Panrehiyong Hukumang Tagapaglitis ang naging tagapagpanumpa sa mga nahalal na bagong opisyales ng lalawigan.

Matapos ang panunumpa sa tungkulin, nagbigay ng pananalita si Gob. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel.

Batay sa kanyang *popular tagline* na ***'Higit sa Salita, Gawa'***, sinabi ni Gob. Tallado na mas higit daw siyang inspirado na maglingkod ng lubos dahil nagbunga ng kalugod-lugod na resulta sa Camarines Norte ang mga programa at proyekto na kanyang isinulong. Kanyang tinutukoy dito ang ulat ng National Statistical Coordination Board (NSCB) na nagsasabing sa taong 2012, 27.4% na lang ang poverty incidence sa Camarines Norte. Bumaba ng 7.7% mula sa 32.4 % noong 2009 at ito na ngayon ang may pinakamababang bilang ng pamilyang mahihirap sa Rehiyong Bikol. Maganda ang performance ng Camarines Norte, ayon kay Josephine Chua, tagapagsalita ng NSCB Bicol.

Ibinahagi naman ni Bise Gob. Pimentel ang kanyang *guiding principle* na sa lahat ng ating iisipin, sasabihin at gagawin, lahat ng iyan ay para sa higit na kabutihan ng higit na nakararami.

Sabay-sabay ang naging panunumpa sa tungkulin ng tig-limang (5) bagong halal na Sangguniang Panlalawigan Members (SPM) mula sa dalawang (2) distrito. Unang pinanumpa ni Hukom Eskaro ang SP Members mula sa **Unang Distrito (Tagalog *Speaking* Towns)** - Bokal Pamela P. Pujalte; Bokal Teresita DL. Malubay; Bokal Reynoir V. Quibral; Bokal Erwin L. Lausin, at Bokal Arthur Michael G. Canlas. Pagkatapos ay mula naman sa **Ikalawang Distrito (*Bicol Speaking Towns*):** Bokal Rodolfo DV. Gache; Bokal Senen A. Jerez; Bokal Romeo R. Marmol; Bokal Gerardo G. Quiñones, at Bokal Renee F. Herrera.

Sumunod na nanumpa si Bise Gob. Pimtel at ang panghuli ay si Gob. Tallado.

Katabi ng bawat opisyal na nanumpa ang kani-kaniyang anak/kabiyak/magulang na siyang may hawak ng Bibliya kung saan nakapatong ang kaliwang kamay ng opisyal habang ang kanyang kanang kamay ay nakataas na nanunumpa na simbolo ng malaking pananagutan sa Diyos at sa bayan.

Sa huling bahagi ng programa ay isinagawa ang seremonyal na pagsasalin ng gobyerno ng lalawigan sa halal na punong lalawigan sa pamamagitan ng pag-abot sa kanya ni *DILG Provincial Director* Edwin F. Garcia n.

Nakiisa sa naturang okasyon ang publiko na sinaksihan ang panibagong yugto sa kasaysayan ng Camarines Norte. ***LORENA DELA TORRE IBASCO/JING ARRIOLA CALIMLIM***

# INAUGURAL ADDRESS
## Hon. Edgardo A. Tallado
### Hunyo 28, 2013
### Oath Taking Ceremony

MGA MINAMAHAL KONG MAMAMAYAN NG CAMARINES NORTE

Sa aking muling pagkapanalo bilang gobernador, marami kayong bumati sa akin. Ilan sa inyo ay nagpadala ng ganitong mga text messages: panalo ang tuwid na daan sa 500 (Limandaan); ang nagawa sa bayan ang batayan at hindi ang ibinayad sa mamamayan; plata porma at hindi porma ang kailangan; pinakinggan ang kasinungalingan ngunit hindi pinaniwalaan; you can never put a good man down at iba pang mga kahalintulad na text messages.

Totoo ang lahat ng inyong mga mensahe na kung ating susumahin ay masasabi nating, ang pagkapanalo ng isang kandidatong kasalukuyang nanunungkulan tulad ko, ay nakabatay sa kanyang mahusay na performance, na hindi kayang tapatan ng salapi at paninira.

Nasaktan ako at ang aking pamilya ng labis sa halalang ito. Maaari akong lumaban ng sabayan at manira din; pwede ring limandaan piso (P500) laban sa limandaan piso (P500). Ika nga *"an eye for an eye, a tooth for a tooth"*. Ngunit batid kong hindi ito tama, kung kaya pinili ko pa rin ang tuwid na daan sa kabila ng ang eleksyon natin sa kasalukuyan ay nakuha na sa mabilis na daan o "shortcut". Sugatan man ang aking puso at dala ang matinding pangamba, pinuno ako ng espiritu ng Panginoon na ipagkatiwala sa Kanya ang lahat.

Sa kanyang pagpapala at sa inyong lahat na kanyang tinawag upang ako ay suportahan, sinasambit ko ngayon ang aking taos-pusong pasasalamat. Salamat! Salamat! Salamat! Walang hanggang pasasalamat.

Sa pagharap ko sa panibagong mandatong ito na ipinagkaloob ninyo sa akin, nag-uumapaw sa aking puso ang kasiyahan na mas higit kayong paglingkuran. Ako po ay mas higit na inspirado dahil nakita nating lahat na ang mga programa at proyekto sa aking nakaraang termino ay nagbunga ng kalugod-lugod na resulta sa ating lalawigan. Noong 1997 NSCB report, ang Camarines Norte ay naitala bilang ika-sampu sa 10 pinakamahirap na probinsiya sa buong bansa. Sa 2012 NSCB report, ganap ng naalis sa listahan ang Camarines Norte. Napanood nating lahat ngayon na sa buong rehiyong bikol, ang ating lalawigan ang may pinakamababang bilang ng mahihirap na pamilya. Sinabi ni Josephine Cua na dahil ito sa magandang "performance ng ating lalawigan".

Saglit po nating balikan ang aking mga nagawa sa nakaraang 3 taon. Ito ang mga programang aking isinulong at nakatulong upang maibsan ang kahirapan sa ating lalawigan: *(basahin ang listahan ng mga nagawa)*

Ngayong araw na ito, sa pagsumpa ko sa inyong harapan bilang muling halal na punong lalawigan, aking inilalatag ang magiging direksyon at mga gawain patungo pa rin sa pagiging First Class Province ng Camarines Norte. Nakapaloob ito sa 4 na aspeto: *Infrastructure Development; Ensuring Economic Growth; Providing for Basic Needs at Institutional Building for Good Governance. (basahin ang mga plano)*

Samahan ninyo akong muli sa aking paglalakbay sa loob ng tatlong taon. Itanim natin sa ating isip na hindi na kabilang ang Camarines Norte sa 10 pinakamahihirap na probinsya at hindi na tayo muling babalik pa sa ganyang estado. Maging inspirasyon sa bawat isa na ang CAMARINES NORTE IS NOW NUMBER 52 OUT OF 82 PROVINCES WITH **LOWER** POVERTY THRESHOLD.

Sa magandang pangyayari na iyan sa ating lalawigan kaya tayong lahat ay higit na magpupunyagi, sapagkat ilang hakbang na lang ay maaari nang matupad ang ating pangarap na maging FIRST CLASS PROVINCE ANG CAMARINES NORTE. Bilang inyong punong lalawigan, gagawin ko ang lahat para sa kapakanan ng Camarines Norte.

Nasusulat sa Bibliya na kapag ang namumuno ay matwid, nagagalak ang mga mamamayan. Kung kaya mga kababayan ko, magsama-sama muli tayo sa isang Gobyernong Matuwid upang maipagkaloob natin ang isang Serbisyong Walang Patid para sa kasaganaan at kagalakan ng ating lalawigan.

Ito po ang inyong Punong Lalawigan, Edgardo A. Tallado. **HIGIT SA SALITA, GAWA**




# Local governance...

*(Mula sa pahina 3)*

*Nature of Appointment.* Ang mga naipalabas na *Executive Orders* ng nakaraang termino ay pinagsama-sama rin na siyang gagamiting basehan sa mga susunod na aksyon ng kahahalal na ehekutibo.

Ang ilang dokumento sa taong 2012 ay isinumite rin katulad ng *2012 State of Local Governance Performance Report (SLGPR)*; at ang 2012 *State of Local Development Report (SLDR).*

Upang mailatag kaagad ang kalagayang pananalapi ng pamahalaang panlalawigan sa pagsisimula ng 2013-2016 pamunuan, inihanda rin ng *Local Governance Transition Team* ang susunod na dokumento: *2013 Annual Budget and Supplemental Budget; CY 2013 Special Education Fund (SEF) Income and Expenditure Estimates; 2013 Annual Procurement Plan* pati na rin ang ulat ukol sa nagagastos nang pondo sa *1st quarter* sa ilalim ng *Special Education Fund (SEF); 20% Component* ng *Internal Revenue Allotment (IRA)*; at *Local Disaster Risk Reduction and Management Fund (LDRRMF).*

Kahit na ang ilang dokumento sa taong 2012 ay isinumite rin tulad ng *2012 Financial Performance Report; 2012 COA Report; CY 2012 Statement of Debt Service; CY 2012 Statement of Receipts and Expenditures* at *2012 Annual Gender and Development (GAD) Accomplishment Report.*

Bilang pagtalima pa rin sa *'full disclosure policy'* ng pamahalaang nasyonal, inihanda rin ng *transition team* ang *1st quarter of 2013 reports* na kinabibilangan ng *Quarterly Statement of Cash Flow; Items to Bid; Bid Results on Civil Works, Goods and Services, and Consulting Services; Abstract of Bids as Calculated* pati na ang mga *Contracts and Loan Agreements* ng pamahalaang panlalawigan.

Ang seremonyal na pagsasalin ng responsibilidad sa bagong pamunuan ay isinagawa sa pamamagitan ng pag-abot ng pambansang watawat at pagsumite ng mga nabanggit na dokumento ng *Local Governance Transition Team* kay Gob. Tallado. Isinagawa ito noong ika 28 ng Hunyo 2013 bilang panghuling bahagi ng programa sa *'Oath Taking Ceremony'* ng bagong pamunuan ng pamahalaang panlalawigan na idinaos sa Camarines Norte *Agro Sports Center*.. ***LORENA DELA TORRE IBASCO/JAC***



**Kasama ni Gob. Tallado at Rex Bernardo, Lead Convenor Prov'l. Council on Disability Affairs ang mga gurong namamahala sa SPED Class sa lalawigan**

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

***EXECUTIVE EDITOR:***
**JING ARRIOLA CALIMLIM**
*NEWS EDITOR:*
**Lorena T. Ibasco,**
*LAYOUT:*
**Engr. Wilson V. Porcincula**
*PHOTOGRAPHER* :
**Luigi Martin P. Querubin.**
*CIRCULATION* :
**Marcial P. Ferrer**
***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# SPED schools...

*(Mula sa pahina 6)*

*Lead Convenor, Provincial Council on Disability Affairs* -Camarines Norte.

Sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*, patuloy na itinataguyod ni Gob. Tallado ang mga programa para sa mga *PWDs* sapagkat naniniwala siya na katulad ni *Prof.* Bernardo, maaari ring maging kapaki-pakinabang na mamamayan ang sinumang *PWDs* kapag nabigyan ng pagkakataon ng pamahalaan at suporta ng kanilang pamilya. Sa kabila ng kanyang kapansanan, si *Prof.* Bernardo ay nakapagtapos ng kolehiyo, nakapagtrabaho at minsan nang napabilang sa mga katangi-tanging indibidwal na ginawaran ng prestihiyosong gawad parangal bilang isa sa mga *Ten Outstanding Young Men (TOYM)* sa bansa. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***





Si Gob. Tallado sa kanyang muling panunumpa sa tungkulin kasama ang kanyang kabiyak na si Gng. Josie B. Tallado, nag-iisang anak na si Alvin , asawa na si Yna Lim, dalawang anak. Sa kanang larawan ay si Bise Gob. Pimentel , kabiyak na si Gng. Bembem V. Pimentel at inang si Gng, Purita Pimentel.










Sa ika-2 hanay ay ang panunumpa ng First District Board Members katabi ang kani-kaniyang kabiyak maliban kay BM Pardo na si dating Bise Gob. Alexis Pardo ang kasama.

Sa ika-3 hanay naman ay ang Board Members ng Second District katabi ang kani-kaniyang kabiyak maliban kay BM Herrera na ang kanyang ina ang kasama.

Sa kaliwang larawan ay ang ceremonial na pag abot ng opisyal na dokumento kay Gob. Tallado mula kay Myrna Sendon, Provl. Accountant at Vice Chairman ng Local Transition Team, kasama ang mga hepe ng mga tanggapan bilang simbolo ng pagsasalin ng ng pamahalaang panlalawigan sa pamunuan mula 2013-2016 .

# SPED schools binigyan ng computers, atbp.

Pinangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang pamamahagi ng 5 *desktop computers* at *program materials for persons with disabilities (PWDs)* para sa limang (5) *Special Education (SPED) schools* gaya ng: Labo *Central Elem. School SPED Class*, Labo; Jose Panganiban *Elem. School SPED Class*, Jose Panganiban; Sta. Elena *Elem. School SPED Class*, Sta. Elena; F. Baldovino *Elem. School SPED Class*, at Daet *Elem. School SPED Center* sa bayan ng Daet.

Layunin nito na makaagapay ang mga *PWD students* sa modernong sistema ng edukasyon gaya ng mga karaniwang mag-aaral. Kasama rito ang mapaunlad ang kanilang talino at kakayahan at mabuo ang tiwala nila sa kanilang sariling abilidad dahil sa suporta ng kanilang pamilya, pamahalaan at pamayanang kanilang ginagalawan.

Namigay rin dito ng mga *program materials* tulad ng bola para sa basketbol; *softball* at *beach ball*; *rubber mat*, *Rubricks cube* at iba pang laruan at *school materials* gaya ng lapis, bolpen, cartolina, atbp.

Ang 5 *SPED schools* ay binigyan din ng tig-iisang *stove*, kawali, kaldero, at iba pang kagamitan sa pagluluto para isa-isang maturuan sa paggamit ng naturang kagamitan ang mga *PWDs* nang sa gayon ay magawa nila ang mga bagay na gaya ng karaniwang indibidwal na nakapagsasarili.

Sa loob ng programang isinagawa sa *Ground Floor Lobby* ng Kapitolyo Probinsyal, nagbigay ng mensahe si Gob. Tallado gayundin si Dr. Emma T. Soriano, *EPS-SPED (Preschool-Public and Private)*. Nagbigay naman dito ng *welcome remarks* si Prof. Rex A. Bernardo,

*(Sundan sa pahina 4)*

# Parada, iba pa, tampok sa selebrasyon dito ng ika-115 Araw ng Kalayaan



Simple ngunit makabuluhan ang mga gawaing inihanda para sa selebrasyon dito sa paggunita ng ika-115 taong anibersaryo ng Kalayaan ng ating bansang Pilipinas sa Miyerkules, Hunyo 12 na may temang, Kalayaan 2013: *Celebrating a Legacy of Filipino Creativity, Talent and Ingenuity*.

Kaugnay nito, ipinalabas ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *Memorandum* Blg. 130604-01 may petsang Hunyo 4, 2013 na nag-aatas sa lahat ng opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na dumalo sa mga gawaing inihanda sa paggunita sa ika-115 aibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas at pagsusuot ng puting *T-shirt* para sa okasyon.

Ang programang paggunita ay tinampukan ng *flag raising ceremonies* sa ika-8 n.u. na sinundan ng *turn-over ceremony* para sa limang (5) PAMANA 2011 *Projects*. Sinundan ito ng *socio-civic and military parade* na nagsimula sa *Provincial Capitol Grounds* at nagtapos sa *Houseware Plaza Grounds*. Nakiisa sa okasyon ang mga opisyal at kawani mula sa pampamahalaan at pribadong sektor man. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Pagiging 1st Class Province...

*(Mula sa pahina 1)*

pangkalusugan at maisulong ang mga inisyatibong pangkalusugan partikular na ang patuloy na pagbili ng moderno at makabagong mga *medical* at *laboratory equipments* para sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*, *Labo District Hospital (LDH)* at *Capalonga Community Medicare Hospital (CMCH)*.

Maiangat ang isang mahirap na pamilya sa pagbibigay ng pang-edukasyon gaya ng *CN Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)* at ng *Alternative Learning System;* magbigay suporta sa pabahay at *basic utilities* sa pamamagitan ng Gawad-Kalinga at proyektong pabahay para sa mga kwalipikadong kawani ng pamahalaang panlalawigan.; pagpapaigting ng *peace security and disaster risk management;* pagpapatuloy ng *multi-services caravan* para direktang maihatid sa mga mama-mayan ang iba't-ibang serbisyo ng pamahalaang panlalawigan at seryosong paglaban sa mga iligal na gawain gaya ng *illegal logging*, *mining*, *gambling*, *fishing* at *drugs*.

Sa ilalim ng *environmental governance*, itataguyod ang *Forest Ecosystem Management*, *Coastal Resources and Freshwater Ecosystems Management*, at ang *Urban Ecosystem Management* kung saan isasagawa ang *Greening Program*, reorganisasyon ng *Solid Waste management Board*, at ang pagbalangkas sa *Solid Waste Management Plan*.

Ang ikatlong aspeto, *Ensuring Economic Growth/*Economic Govern*ance*, patuloy na: 1) susuportahan ang sektor ng agrikultura pati na ang pamumuhunan, negosyo at industriya partikular na ang pagtatayo ng *Provincial Trading Center* (Bagsakan *Center*) at *Farm School*; konstruksyon ng mga *farm-to-market roads*, pagtatayo ng *production* at *post harvest facilities*, at marami pang iba; 2) ipakilala ang Camarines Norte bilang *Investment and Tourism Province* sa pamamagitan ng pagpapatatag sa *Provincial Board of Investment and Provincial Tourism Council* at iba pang kaukulang komitiba; pagbibigay-prayoridad sa mga *tourism infrastructure programs* lalo na ang konstruksyon ng 4 na tulay sa kahabaan ng *Pres. Cory Aquino Boulevard* na magdurugtong sa mga bayan ng Mercedes, Talisay, Vinzons at Paracale sa bayan ng Daet, at iba pa, at ang 3) pagbibigay ng ambag na pondo para sa mga proyektong ibinaba ng pamahalaang nasyonal para ipatupad ng pamahalaang panlalawigan

Panghuli, para sa aspetong *Institutional Building/Administrative Governance:* paiigtingin ang mga pagkilos para magkaroon ng *increased revenue generation;* pagsisimula ng isang *social networking mechanism* upang makakalap ng mas maraming tulong o *interventions* gamit ang *information technology;* kasabay ang pagsusulong ng kaaya-ayang *organizational performance and productivity.;* pagbibigay-halaga sa *fundamentals of governance* sa pamamagitan ng pagpapahusay sa kakayahan ng mga pamahalaang lokal at maiakma ito sa mga panrehiyon at pambansang plano, mithiin at obheto *(regional and national government plans, goals and objectives)*, maliban sa iba pa.

Kaugnay nito, hinihingi muli ni Gob. Tallado ang sama-samang pagkilos ng lahat ng opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan, pamahalaang lokal at kaukulang pambansang ahensya lalo na ng bawat mamamayan ng lalawigan para lubos na maisakatuparan ang kanyang mga adhikain at prayoridad na programa para sa *CY 2014-2016* upang marating ang pagiging *1st class province* ng Camarines Norte. ***LORENA DELA TORRE IBASCO/ JING ARRIOLA CALIMLIM***

# SP Sec. Cuaño nahalal sa PLEASES

Ang *Secretary to the* Sangguniang Panlalawigan na si Ms. Reby Jardin-Cuaño ay nanalong *National Executive Vice President* sa katatapos na eleksyon ng *Phil. League of Secretaries to the Sanggunian (PLEASES), Inc.* kamakailan. Isa itong malaking karangalan hindi lamang para kay Ms. Cuaño kundi maging sa buong probinsya ng Camarines Norte na kinakatawan niya sa nasabing organisasyon.

Sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 153-2013, ipinaabot ng buong Sangguniang Panlalawigan ang kanilang pagbati kay Ms. Cuaño sa pagkahalal nito bilang *National Executive Vice President* ng *PLEASES, Inc.*

Matatandaan din na si Ms. Cuaño ay naluklok bilang *Regional President* ng *Bicol Association of Sangguniang Secretaries (BASS)* simula 2002-2004 *(Member of the Board of Trustees)* kung saan pinarangalan siya bilang *Outstanding Regional President*.

Ang *Bicol* Chapter din ay napiling *Outstanding Regional Chapter* sa ilalim ng kanyang panunungkulan kung saan pagkatapos nito ay wala nang ginawaran ng parangal sa katulad na kategorya hanggang sa ngayon. Nanungkulan din siya bilang *PLEASES Vice President for Luzon* noong 2005-2007, at bilang *National Executive Director* noong 2009-2010, at 2012-2013.

Sa katatapos na elek-



syon ng *national officers* ng *PLEASES, Inc.* na idinaos noong Hunyo 2013 sa *General Santos City* walang kumontra sa pagkahalal ni Ms. Cuaño bilang *National Executive Vice President* ng nasabing organisasyon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# P 17M Agricultural Dev't. Program sa Sta. Elena aprubado na; P1.6M counterpart, tinugunan ng punong lalawigan

Aprubado na ang P17 milyon badyet para sa implementasyon ng *Agricultural Development Program (ADP)* sa anim (6) na barangay ng bayan ng Sta. Elena na pinunduhan sa ilalim ng **Pa**yapa at **Ma**saganang Pamaya**nan** (PAMANA) *Projects* ng *Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP)* sa pamamagitan ng *Department of Agriculture (DA)*.

Kaugnay nito, sasagutin ng administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado ang P1,637,000.000 bilang bilang *equity* o bakas ng pamahalaang panlalawigan.

Sa ilalim ng programa, 70 ektaryang lupain sa 6 na barangay ng Sta. Elena ang target na mataniman ng mais kung saan 37 ektarya ang nasa Brgy. Maulawin; 18 ektarya sa Brgy. Patag Ibaba, at 15 ektarya sa Brgy. Patag Ilaya. Sa 30 ektaryang lupang inilaan para sa *pineapple production*, 12 ektarya ang nasa Brgy. Basiad; 7 ektarya sa Brgy. San Lorenzo, at 11 ektarya ang nasa Brgy. Bulala.

Kaugnay nito, magsasagawa ng diyalogo ang pamunuan ng *OPAPP Regional Offic*e sa mga benepisyaryo ng programa para makuha ang kanilang opinyon at pananaw ukol sa programa. Kabilang din dito ang pagtaya sa antas ng pagtanggap ng mga benepisyaryo na mga *pineapple* at *corn farmers* mula sa mga barangay ng Maulawin, Patag Iraya, Patag Ibaba, San Lorenzo at Bulala, Sta. Elena. Makakatulong dito ng *OPAPP RO5* ang mga opisyal at kawani mula sa mga kinauukulang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan partikular na ang *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.

Malaki ang potensyal ng *corn* at *pineapple production* sa naturang mga barangay na hanggang ngayon ay hindi pa rin napauunlad dahil sa sira-sirang *farm-to-market roads (FMRs)* gayundin ang kawalan ng kapital. Ito ang dahilan kaya ipinanukala ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang nabanggit na P17 milyong proyekto na pinaboran ng pamahalaang nasyonal at napondohan sa ilalim ng PAMANA.

Itinaguyod din ni Gob. Tallado ang naturang inisyatibo sa layuning mabawasan ang antas ng kahirapan sa limang (5) nabanggit na *conflict-affected areas* sa Sta. Elena sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong-pinansyal para sa kanilang *corn* at *pineapple production* kasama na ang pagsasaayos ng *FMRs* sa mga barangay ng Basiad, Maulawin at San Lorenzo na may pondong tig-P2.2-M, P4.4 M, at P2.2-M, ayon sa pagkakasunod.

Sa sandaling maipatupad ang P17-M *agricultural development program*, inaasahang makapag-aani ng 510 metriko toneladang pinya at 350 metrikong tonelada ng mais na tinatayang aabot sa halagang P10.89 M para sa unang anihan. Ito ay bukod pa sa karagdagang kita na maaaring makuha ng mga magsasaka mula sa pagbebenta ng *corn husk*, *pineapple fiber* at *suckers*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 2013 Aral-Kalikasan Program Poster-Making Contest idinaos; mga nanalo, pinangalanan

Isinagawa ang 2013 Aral-Kalikasan *Poster-Making Contest* noong Hunyo 19, 2013 sa *Audio-Visual Room (AVR), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol* bilang pakikiisa natin sa pambansang selebrasyon ng *2013 Environment Month* na may temang, "*Think. Eat. Save. Reduce Your Foodprint*".

Sa 9 na mag-aaral na lumahok sa paligsahan, nakuha ni Ryan R. Placio ng Paracale *National High School* ang unang puwesto at premyong P3,000.00. Pumangalawa si Exequiel Gallardo, Jr. ng Tulay na Lupa *National High School* na naiuwi ang gantimpalang P2,000.00. Nasungkit naman ni Ronel A. Ramores ng D.Q. Liwag *National High School* ang ikatlong puwesto at premyong P1,000.00. Pinagkalooban din sila ng medalya, tropeyo at *certificate of participation*. Ang mga hindi pinalad na manalo ay binigyan naman ng *certificate of participation*.

Naging mahigpit ang laban sa pagitan nina Placio at Gallardo Jr. sapagkat si Placio ay nakakuha ng kabuuang puntos na 93.67 habang 93.53 naman si Gallardo Jr.

Nagsilbing hurado rito sina G. Napoleon Fajardo ng *Provincial Engineer's Office (PEO)*, G. Fidel Y. Panotes ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* at G. Joel S. Orcena na mula sa pribadong sektor. Ang ginamit nilang pamantayan *(criteria)* sa pagpili ng nanalo ay ang: *development of idea* na may bigat na 50% (*originality* – 20% at *relevance to the theme* – 30%), at ang *presentation* – 50% (*style/creativity* – 35% at *neatness* – 15%) o kabuuang 100%.

Itinaguyod ni Gob. Edgardo A. Tallado ang kumpetisyon sa pamamagitan ng *LGU Provincial Environment and Natural Resources Office (LGU PENRO)* na pinamumunuan ni *PENRO Engr.* Leopoldo P. Badiola. Layunin nito na maitimo sa kamalayan ng mga kabataan at mamamayan ang kahalagahan ng pangangalaga at responsableng paggamit at pagkunsumo sa mga likasyaman para mapakinabangan ng mga susunod pang henerasyon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



***Si PENRO Engr. Pol Badiola (dulong kaliwa) kasama ang mga nanalo sa poster-making contest at kanilang mga coaches (mula kaliwa-kanan): Ronel A. Ramores ng D.Q. Liwag NHS, 3rd place; Exequiel Gallardo Jr. ng Tulay na Lupa NHS, 2nd place, at Ryan R. Placio ng Paracale National High School, 1st place.***

# Pagpapanumbalik ng sea cucumber (balatan) isinusulong!

Magsasagawa ng pag-aaral *(research)* ang *Fisheries Development Division* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg-FDD)* para mapanumbalik ang malaking populasyon ng mga *sea cucumber* (balatan) na patuloy ang pagkonti at pagliit ng sukat partikular na ang *Sandfish species* sa mababaw na katubigan dahil sa kawalang kontrol sa pagkuha *(unregulated collection/gathering)* ng mga *sea cucumber* na magkakaiba ang uri *(species)* at laki dahil na rin sa malaking pangangailangan at mataas na presyo nito, sariwa man o pinatuyo.

Nakapaloob ang gawaing ito sa *On-Farm Trial Culture of Sandfish* na pinunduhan ng *Department of Agriculture-Bureau of Agricultural Research (DA-BAR)* na ipinanukala ng *OPAg-FDD* sa *DA-BAR* para matukoy ang posibilidad na maisagawa *(feasibility)* ang *sandfish pen culture* upang mapagkakitaan ng *marginalized fisherfolk sector* sa Brgy. Caringo, Mercedes na siyang benepisyaryo ng nabanggit na *Community-Based Participatory Governance of Holothuria (Sandfish)*.

Ito ay gagawin sa pamamagitan ng paglalagay ng *seabed pen structures* sa Caringo *Island*, Brgy. Caringo, Mercedes. Ang *Sakubari pen* na may habang 5m, lawak na 5m at taas na 3m na gagamitan ng berdeng *PE nylon net #17* ay itatayo gamit ang *sand bags* bilang pamalit sa kahoy/kawayang poste na magsisilbing angkla para mapanatili sa lugar ang *pen*. Ang pagitan ng bawat *pen* ay 1.5 metro. Ilalagay ito sa may 1.5 metro lalim ng tubig na may mahina hanggang katamtamang alon.

Magkakaroon ng tatlong (3) *stocking densities* para sa *trial* na 3 beses na uulitin. Ang ***Treatment 1 (T1)*** ay gagawin para sa 31 pirasong balatan; ***T2***-41 pirasong balatan, at ***T3*** – 51 pirasong *balatan* na may bigat na mula 100-150 gramo na kinuha sa karagatan ng Caringo. Ang pagpapalaki *(culture period)* ay gagawin sa loob ng 6 buwan at ang target na timbang sa pag-ani sa mga *sea cucumbers* ay 280-330 gramo bawat isa. Ang tsansa nilang mabuhay *(survival)* ay itatala sa pamamagitan ng pagbilang sa lahat ng istak tuwing *sampling period* kasama ang pagtimbang at pagsukat sa haba ng bawat istak sa lahat ng *treatments* sa loob ng buong panahon ng pag-aaral/pagsasaliksik.

Aalamin ang antas ng pagtanggap ng pamayanan sa nasabing pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *Key Informant Interview Survey (KIIS)* at *Focused Group Discussion (FGD)*. Layunin nito na makuha ang opinyon/pananaw ng mga ininterbyu ukol sa lokal na pangangasiwa sa pinagkukunan ng *sea cucumber* gamit ang *Likert's rating scale.*

Magkakatulong na ipinatutupad ng *OPAg-FDD, CNSC* Mercedes, mga residente ng Brgy. Caringo at mga opisyal ng barangay nito, at mga miyembro ng Caringo *Fisherfolks Association* ang naturang *On-Farm Trial Culture of Sandfish* gamit ang *participatory and inter-disciplinary approach*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



*Luncheon Meeting nila Gob. Tallado, Usec. Villanueva, RD Celestina Tam at Hernan Ongkiko ukol sa ARCP2 sa Camarines Norte*

# Usec Villanueva pinuri ang implementasyon ng ARCP2 sa CamNorte

Pinangunahan ni Undersecretary Felix Perry A. Villanueva ng *Department of Agrarian Reform (DAR)-Finance, Planning and Administration Office* at Gob. Edgardo A. Tallado ang pagbisita noong Hunyo 27 sa ilang *Agrarian Reform Community Projects 2 (ARCP 2)* na pinunduhan ng kanilang kagawaran.

Kasama nila si ARCP2 Deputy Director Hernan Ongkiko, DAR Regl. Dir. Celestina Tam, Acting PARO II Leonito M. Gaveria, Provincial Engineer Cesar Paita at ilang kawani mula sa DAR at *provincial government* na nagtungo sa bayan ng Basud at binisita ang konstruksyon ng Caayunan *Farm to Market Road (FMR)* at Laniton *ARCCESS Road* pati na ang *on-going concreting* ng Matnog *FMR* na tatlo (3) sa limang (5) nakalinyang *ARCP 2 projects* sa lugar. Pinuri niya ang maayos na pagkakagawa ng kalsada sa ilalim ng pamamahala ng *Provincial Engineering Office (PEO)* ng pamahalaang panlalawigan.

Samantala, ang inspeksyon ng tatlo (3) pang *ARCP 2 projects* sa bayan ng Labo na natapos kamakailan gaya ng Purok 7 *FMR* sa Brgy. Talobatib; *construction of DARBO Bldg.*, Brgy. Daguit, at ang Macogon *FMR* ay iniutos na lamang ni Usec Villanueva sa kanilang *technical team* sa ibang araw, sapagkat kailangan na nilang umalis para sa iba pang gawain. Pinuntahan din ng grupo ang lugar na pagtatayuan ng panukalang proyekto ni Gob. Tallado na *Agricultural Trading Center at Farm School* sa Brgy. Mat-I, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons.

Nagtapos ang *site inspection* sa isang *luncheon meeting* ukol sa mga proyektong ng DAR sa Camarines Norte. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***



**Mula sa kaliwa: Provl. Agrarian Reform Officer Leonito Gavaria , Gob. Edgardo A. Tallado, Mayor Dominador Davocol ng Basud, DAR Usec Perry Villanueva, ARCP II National Project deputy director . Hernan Ongkiko , DAR Regl. Dir. Celestina Tam at Engr. Cesar Paita habang nag-uusap at nakatayo sa farm to market road ng Brgy Matnog, Basud isa sa road concreting project sa ilalim ng ARCP2**

# Isinagawa turn-over ng proyektong PAMANA



***Bilang bahagi ng turnover, magkatuwang na ginupit ang laso ng panauhing sila* Ms. Ma. Aileen Jose, PAMANA *Director, Coordinating Units for Luzon and Visayas; DILG Regional Director* Blandino Maceda kasama si Gob. Edgardo A. Tallado at Fr. Angelito De Torres para sa pagbabasbas ng bagong kalsada habang nakamasid ang mga taga barangay Malibago**

Kasabay sa selebrasyon dito ng ika-115 Araw ng Kasarinlan ng ating bansang Pilipinas ay idinaos ang *turn-over ceremony* ng limang (5) Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) *Projects* na pinasimulan noon pang taong 2011. Ito ay maliban pa sa ilang mahahalagang gawain na isinagawa noong Hulyo 12, 2013 sa *Provincial Capitol Grounds*.

Ang limang proyektong nabanggit na umabot sa kabuuang halagang *One Hundred Forty Million Pesos (P140M)* ay kinabibilangan ng *Concreting/Gravelling* ng Exciban-Nalisbitan-Dumagmang *Farm-to-Market Road (FMR)* - P50,000,000.00; *Concreting* ng Pambuhan-Lanot *Provincial Road* – P20,000,000.00, at pawang pangkongkreto ng: Sta. Rosa Sur-San Rafael *FMR* - P20,000,000.00; Malibago -Malaya *FMR* - P40,000,000.00, at Bakiad-Sta. Cruz-Fundado *FMR* - P10,000,000.00.

Pinangunahan dito ni Ms. Ma. Aileen Jose, PAMANA *Director, Coordinating Units for Luzon and Visayas*; ang pag-*turnover* o paglilipat ng pangangasiwa at pangangalaga sa 5 katatapos na mga proyekto kay Gobernador Edgardo A. Tallado. Ang *ceremonial turnover* ay sinaksihan ni *DILG Regional Director* Blandino Maceda, ng mga opisyal ng barangay na benepisyaryo *(barangay official beneficiaries)* ng proyekto, mga empleyado ng iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan, mga pribadong organisasyon kasama na at ang mga mamamayan ng lalawigan.

Ang PAMANA *Projects* ay mula sa tanggapan ng *Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP)* na nasa ilalim ng tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas. Ito ay isang inisyatibong pangkapayapaan at pangkaunlaran na binalangkas ng pamahalaang nasyonal na layuning maisulong ang kaunlaran at kapayapaan sa mga lugar na apektado ng kaguluhang dulot ng iba't-ibang grupo na salungat sa mga adhikain at pamamalakad ng pamahalaan partikular na ang *New People's Army (NPA).*

Pangunahin sa mga espisipikong layunin nito ay ang mabawasan ang kahirapan sa mga apektadong lugar sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga proyektong pang-imprastraktura at pangkabuhayan at pagbibigay ng higit na pansin sa mga serbisyong panlipunan *(social services)*; pagkakaroon nang maayos at malinis

(Sundan sa pahina 2)